



No. 346 Enero 2024

Manigong Bagong Taon!

Filipino Edition

Koshigaya Messenger

Ang Koshigaya Messenger ay isang multilingual monthly paper na lumalabas sa unang linggo ng buwan. Pwede itong mabasa sa website ng Koshigaya.

Koshigaya City International Affairs (KOKUSAIKA), ☎048-963-9114
City Hall Main Building – 3F, Community Activity Support Section

HP: https://www.city.koshigaya.saitama.jp/kurashi_shisei/kurashi/kokusaika/index.html



Follow us on
INSTAGRAM

Training para sa supporter ng mga foreigners at pagtayo ng language support center tuwing may kalamidad

Magkakaroon ng training para sa mga gustong maging supporter para sa mga foreigners tuwing may kalamidad. Kahit sino na may iteres sa pagboluntaryo upang ang foreign residents sa siyudad ay matutulungan sa kanilang pangangailagan lalo na sa panahon ng sakuna atbp.

Kailan at Saan	Ano	Ilan	Libre o walang bayad ang pagsali sa training.
Enero 13, Sabado (1:00pm – 5:00pm) Koshigaya City Hall, Building 3 – 1 st floor	Lecture	40 ka tao	
Enero 21, Linggo (8:30am – 12:00noon) Mashibayashi Community Center	Training/Drill	20 ka tao	

*Naghahanap ng 4 na pwedeng magpanggap na biktima ng kalamidad sa petsa 21. Makipag-ugnayan sa opisina ng Community Activity Support Section para sa detalye.

Aplikasyon: Hanggang Enero 11 (Huwebes), tumawag, mag-email o direktang magpunta sa Community Activity Support Section at magpalista para sumali.

Impormasyon: Community Activity Support Section (SHIMIN KATSUDO SHIEN KA)

Tel: 048-963-9114 / Email: shikatsu@city.koshigaya.lg.jp

Koshigaya City Hall, Main Building – 3rd floor

Cash benefits para sa households na mababa ang kinikita

Ang cash benefits na ito ay kaugnay sa pagtaas ng presyo ng mga bibilhin at iba pa.

Target: Mga naka-rehistrong residente sa Koshigaya mula Disyembre 1, 2023 na eksempeted sa pagbabayad ng residence tax para sa taon 2023; o di kaya households na biglang bumaba ang kinikita at ito ay halos pareho sa mga eksempeted ng residence tax

Magkano ang matatanggap na benepisyo: ¥70,000 bawat household

Saan mag-aplay: Special Cash Benefits Office, City Hall Building 3 – 4th floor

Kailan ang aplikasyon:

- Enero 9 – Marso 29 para sa mga eksempeted sa pagbabayad ng residence tax
- Enero 15 – Marso 29 para sa mga biglang bumaba ang kinikita

Impormasyon: Special Cash Benefits Call Center ☎0120-616-377

Tumatanggap ng aplikasyon para sa public housing

Saan	Layout/Bakante	Ilang okupante ang pwede
Kawayanagicho medium-rise housing (general housing)	2K, 1 bakante	Mula 2 tao na okupante
Nishi Obukuro medium-rise housing (para sa mgamay maliliit na anak)	3DK, 1 bakante	Mula 3 tao na okupante

*Ang detalye o gabay ng aplikasyon ay makukuha sa general information desk – 1F at sa Housing & Construction Inspection Section – 6F ng city hall main building, Floor guide counter ng city hall building 2 – 1F, Northern & Southern branch offices ng city hall, at sa community centers. Pwede rin itong i-print mula sa website ng siyudad.

Aplikasyon: Mula Pebrero 1 – 21, ipadala ang aplikasyon (by postal mail) sa opisina o adres na nakasulat sa ibaba.

Impormasyon:

Saitama Housing Provision Corporation, Municipal Housing Section

〒330-8516 Saitama-shi Urawa-ku Nakacho 3-12-10

Tel: 048-829-2873

8:30am – 5:15pm, Maliban sa Sabado, Linggo at public holidays



Website 🎵

Tumatanggap ng konsultasyon kaugnay sa buwis

Konsultasyon tuwing Linggo: Enero 7 at Pebrero 4 / 9:00am – 3:00pm

Konsultasyon tuwing gabi: Enero 18, Huwebes / 5:15pm – 8:00pm

Saan: Tax Collection Section (SHUNO KA), City Hall Main Building, 2nd floor

Mga pwedeng i-konsulta: Kaugnay sa pagbabayad ng residence tax, light motor vehicle tax, national health insurance tax at iba pa.

Note: Pwedeng tumawag sa telepono o di kaya magpunta sa opisina para sa konsultasyon. Hindi bukas ang tax payment counter at konsultasyon lamang ang tatanggapin sa Enero 18.

Impormasyon: Tax Collection Section (SHUNO KA) ☎048-963-9142

Eksempsyon sa pagbabayad ng national health insurance tax

Target: Miembro ng national health insurance (NHI) na malapit ng manganak at bagong panganak (kasama ang mga buntis ng 85 days at manganak)

Kailan ma-eksemped: Mula 1 buwan bago ang maternity due date hanggang sa sumusunod na iilang buwan pagkatapos manganak

Ilang buwan ma-eksemped: Hanggang 4 na buwan na babayaran sa NHI tax

*Hanggang 6 na buwan kung ang pagbubuntis ay kambal, triplets atbp.

Paano: Magpunta sa opisina na nakasulat sa ibaba para sa aplikasyon.

Mga dadalhin: Talaan ng kalusugan ng mag-ina (*boshi techo*), kopya ng birth notification (certificate), NHI card, My Number Card atbp. sa head ng household at ID ng aplikante

Impormasyon: National Health Insurance & Pension Section (KOKUHO NENKIN KA)

☎048-963-9146 / City Hall Building 2 – 1st floor

Ika-38 na Disaster Drill ng Koshigaya City at Mashibayashi District

Magkakaroon ng disaster prevention drill sa Koshigaya City na gaganapin sa Mashibayashi District. Ito ay upang maging handa ang mga residente sa panahon ng emerhensya at iba pa.

Kailan: Enero 21, Linggo; 9:00am - 12:00noon

*I-kakansela lamang kung may malakas na ulan.

Saan: General Park Multi-purpose Ground
Mashibayashi Community Center

Mga gagawin:

- Pagsasanay sa paggamit ng fire extinguisher
- Pagranas ng lindol gamit ang earthquake simulation vehicle
- Pagranas ng paggamit ng AED at iba pa

Paalala:

*Ito ay libre at hindi kailangan ng reserbasyon.

* Walang maparadahan ng sasakyan sa venue.

Mag bus, bisikleta o maglakad papunta sa lugar.

Impormasyon: Crisis Management Office (KIKI KANRI SHITSU)

City Hall Main Building 3rd floor, ☎048-963-9285



~Tomoni Aruko~



Illustrated by Saiinji

Ang pahina na ito ay nagpapa kilala ng mga sumusuporta sa proyekto kaugnay sa isang multi-kulturang pamayanan. Ang magbabahagi ngayong buwan na ito ay si Imashima Gabriella-san. Siya ay isa sa mga naka rehistrong boluntaryong tagapagsalin o interpreter ng Koshigaya.

Jó napot kívánok! (Kumusta ka? sa salitang Hungarian)



Ako si Gabriella Imashima mula sa bansang Hungary. Dumating ako sa Japan noong 2010 at ngayon ay ika-13 taon ko nang naninirahan sa bansa. Ang aking asawa ay Japanese at kami ay may dalawang anak.

Noong bago palang ako sa Japan, nabigla ako sa dami ng tao sa tren at sa kalye ng Tokyo. Ang populasyon ng Hungary ay halos pareho sa populasyon ng Tokyo. Kaya nung umuwi ako, para akong nasa isang napakaliit na bayan habang naglalakad sa Budapest o central Hungary.

Noong bago pa lang ako dito, nakakatulong sa akin ng malaki ang pagsali sa Japanese language classes sa civic hall ng Koshigaya at sa Bunkyo University. Nagkakaroon ako ng maraming kaibigan mula sa iba't - ibang bansa na naging bahagi sa isa sa aking magandang karanasan dito sa Japan. Nag-enjoy din ako na magbigay ng presentasyon tungkol sa Hungary sa mga paaralan sa elementarya at junior high school. Natutuwa ako na matuklasan ang mga salita sa Hungarian at Japanese na pareho ang tunog ngunit magkaiba ang kahulugan. Halimbawa: ang salitang [soba = room; kirai = king; usoda = swimming pool] sa salitang Hungarian. Namamangha din ako sa dami ng kanji characters na kailangan matutunan ng mga Japanese. Nakakasulat at nakakabasa ako ng ilang kanji ngunit para sa akin ang pagsasalita ay importante at dapat na mauuna. Dahil ang pagsasalita ay makakatulong ng malaki sa pakikipag-usap sa ibang tao upang tayo ay maging kumportable at magkakaroon ng lakas na loob habang naninirahan sa bansa.

Japanese Language Classes sa Buwan ng Enero

Sun	Mon	Tue	Wed	Thu	Fri	Sat
	1	2 Walang pasok	3 Walang pasok	4	5 ☆Nihongo de Go!②	6 ☆Lingual Koshigaya ☆Tabunka Kodomo Gakushu Juku Walang pasok ang Kosumo Kodomo Kyoshitsu
7	8	9 ☆Minna de Nihongo	10 ☆Nihongo Circle ☆Kosumo Nihongo Salon	11	12 ☆Nihongo de Go!②	13 ☆Lingual Koshigaya ☆Kosumo Kodomo Kyoshitsu
14	15	16 ☆Minna de Nihongo	17 ☆Nihongo Circle ☆Kosumo Nihongo Salon	18	19 ☆Nihongo de Go!①	20 ☆Lingual Koshigaya ☆Kosumo Kodomo Kyoshitsu ☆Tabunka Kodomo Gakushu Juku
21	22	23 ☆Minna de Nihongo	24 ☆Nihongo Circle ☆Kosumo Nihongo Salon	25	26 ☆Nihongo de Go!①	27 ☆Lingual Koshigaya ☆Kosumo Kodomo Kyoshitsu
28	29	30 ☆Minna de Nihongo	31 ☆Nihongo Circle ☆Kosumo Nihongo Salon			

Minna de Nihongo ¥500/buwan	Kailan: Tuwing Martes, 10:00 AM - 12:00 noon Saan: Central Community Center (Chuo Shimin Kaikan), 5F Impormasyon: ☎ 048-989-6342 (Imaizumi-san)
Nihongo Circle [¥100/lesson] *Childcare services: ¥100 (kailangan ng reserbasyon)	Kailan: Tuwing Miyerkules, 10:00 AM - 12:00 noon Saan: Central Community Center (Chuo Shimin Kaikan), 4F/5F Impormasyon: ☎ 080-5405-9191 (Tanaka-san) 
Kosumo Nihongo Salon ¥100/lesson	Kailan: Tuwing Miyerkules, 7:00 PM - 8:30 PM Saan: Hot Koshigaya, Parte Kita-Koshi 3rd floor Impormasyon: ☎ 090-5347-2041 (Kojima-san) 
Nihongo de Go! [¥100/lesson]	Kailan: Tuwing Biyernes, 1:30 PM - 3:30 PM Saan: ①Co-op Plaza Koshigaya ②Minami Koshigaya Community Center (Pallette) Impormasyon: ☎ 090-5574-7070 (Takayama-san)
Lingual Koshigaya (Libre) *Mag-text bago magpunta.	Kailan: Tuwing Sabado, 10:00 AM - 12:00 noon Saan: Central Community Center (Chuo Shimin Kaikan), 5F Impormasyon: ☎ 080-3478-3314 (Suzuki-san)
Tabunka Kodomo Gakushu Juku (Libre)	Kailan: Tuwing ika-1 at 3 Sabado, 1:30 PM - 3:30 PM Saan: Community Activity Support Center (Twin City, B City - 5F) Impormasyon: ☎ 090-7422-2002 (Ogawa-san)
Kosumo Kodomo Kyoshitsu (Libre)	Kailan: Tuwing Sabado, 1:30 PM - 4:30 PM (Maliban sa ika-5 Sabado) Saan: Saitama Resona Sengendai Branch 3F, Youth Base Impormasyon: ☎ 090-8310-9522 (class in-charge) 